Misa sa Karangalan ng Espiritu Santo 2019

Ngayon araw, ika-5 ng Agosto 2019, mayroon tayong tatlong pinagdiriwang:

1) inaalay natin ang misa sa karangalan ng Espiritu Santo – mas tumpak, votive mass of the Holy Spirit - at ang liturhiya ay hango sa kapistahan ng Pentekostes;
2) Kapistahan din ngayon ng Basilica ng Santa Maria Mayor, sa Roma;
3) pormal na pinasisinayaan natin ang taon ng pag-aaral 2019-2020 sa pagpasok ng ating mga mag-aaral sa senior high school at sa kolehiyo

Dalawang taon na ang nakalilipas, sa misa rin sa pagbubukas ng AY 2017-2018, kung inyong naaalala, pinahayag ko, "gigibain na ang gym." Naudlot yaon pansamantala, dahil noong nakaraang taon 2018, nakatayo pa ang Letran gym, doon pa nga tayo ng Mass of the Holy Spirit. Pero ngayon, talagang giba na, hindi na napigilan, tuloy na tuloy na ang pagpapatayo ng ating LQ, ang Letran Quadricentennial Building. Kaya, heto, sa Manila Cathedral lang naman tayo nagmimisa ngayon. Ganoon karingal, ganoon kabongga itong ating pagdiriwang.

Ang Pentekostes ay banal na pista na minana natin sa mga Hudyo. Ang sinaunang diwa nito ay pista ng pag-ani. A feast of harvest. Sa templo sa Jerusalem, noong nakatayo pa ito, ang mga Hudyo ay naglalakbay at nagtitipon para mag-alay na unang ani, unang bunga. An offering of first crops, first fruits.Yaon ang dinadala natin sa dambanang ito – ang unang ani ng AY 2019-2020, kayo, tayo!

Sa sinaunang pentekostes, mayroong 2 kaisipan:

- Una ay PASASALAMAT. Pasasalamat dahil kinikilala ang kaloob mula sa Diyos. Siya ang nagbigay ng lupa, punla, ulan, araw. Siya ang nagpausbong tinanim, nagpatubo at nagpalago, at napangyari sa unang ani at bunga. Siya ang nagbigay ng buhay. Siya ang pinagmulan at dahilan kung bakit tayo naririto, kung bakit naririto pa ang Letran, matapos ang 400 na taon.

- Ang ikalawa ay PAGHINGI. May hinihingi ang nag-aalay ng unang ani/bunga; hinihingi niya na una ay hindi pa ang hili, hinihingi na ang una ay dagdagan, hinihingi na ang una ay maging ganap na ani at bunga. Humihingi rin tayo na sa taon ito, doble ang buhos ng biyaya.

Kahit tila mailap ang Diyos Espiritu Santo, kumpara sa Ama at sa Anak, ang Diyos Espiritu Santo ay sinasagisag ng nag-uumapaw na kasaganaan. Overflowing abundance. Nag-uumapaw na hinga at hangin na nagbibigay buhay at sigla. Nag-uumapaw na apoy na nagbibigay init at alab sa ating mithiin. Nag-uumapaw na lakas, nag-uumapaw na puwersa, para gawin, ganapan, tupdin ang ating mga balak at pangarap.

Dahil hinihingi natin ang pag-apaw ng Espiritu Santo, kailangan tapatan din natin ng nag-uumapaw na sipag, sigla at sigasig, nag-uumapaw na galaw, gaslaw at gana, nag-uumapaw na bibo at buhay, yung uma-ARRIBA tayo sa lahat ng iniisip, lahat ng sinasabi, lahat ng ginagawa.

Pista din ngayon ng Basilica ng Santa Maria Mayor sa Roma. Ito ay ang pinakamatandang simbahan pinangalan sa karangalan ng Mahal na Birheng Maria. Ang basilica ay paborito ng mga Pinoy sa Roma, dahil malapit sa Termini, ang estasyon ng tren; at mga Dominikong pari ang nagpapakumpisal doon. Tinayo ito, matapos ang Consejo ng Epheso noong taon 431, kung saan maringal na pinahayag ang turo tungkol kay MARIA, bilang THEOTOKOS, o "God-bearer." Sa kanyang pagbubuntis at pagsisilang kay Hesus, hindi lang siya nagdalan-tao; siya ay nagdalang-Diyos.

Ang Letran ay pinangalan din sa isang Basilica sa Roma, ang SAN JUAN DE LETRAN. Katulad ng SANTA MARIA MAYOR, ang ating paaralan ay pag-alala sa simbahan. At nakapaloob sa ating pagkilala sa sarili, na tayo – ang Letran - ay simbahan, sambayanan ng Diyos. At dahil diyan, nakapaloob din sa atin ang natatangi nating debosyon kay Maria – with a special devotion to Mary. At tulad kay Maria, pinagsusumikapan din natin na dalhin ang Diyos. We bear God. We carry God. Kahit na tawagin siyang estupido, o tawagin tayo gago sa paniniwala natin – dala natin ang Diyos, iingatan, ipaglalabahan, pahahalagahan, pag-aalayan ng buhay at pagmamahal.

Ngayon ay AY 2019-2020. Heto na ang quadricentennial, ang pagdiriwang ng apat na raang taon ng Letran! Kayong mga mag-aaral, mga empleyado, tayong lahat - bahagi na tayo ng kasaysayan! We are making history! At dahil kasaysayan ang ginagawa natin, inaanyayahan, hininikayat, hinahamon ko ang bawat isa – i-todo na natin, gumawa ng ingay at saysay, gawin nating tunay na makasaysayan ang taon na ito, karapat na pumasok sa aklat ng kasaysayan, papasok sa ulirat at diwa ng bawat isa.

Nang tulad sa mga unang alagad noong Pentekostes, dumapo sa kanila ang Espiritu na tila mga dilang apoy at sila ay nagkalakas-loob na magpahayag at magpatotoo sa kanilang pananampalataya. Simula sa misang ito, at sa bawat pagmimisa at pagdarasal, lalo na ng ating Quadricentennial Prayer, puspuspusin tayo ng Espiritu Santo, dala-dala natin ang Diyos, susukuban, sasapian, dadapuan tayo ng mga dilang apoy, papaloob sa atin ang DIWANG ARRIBA! Nang sa gayon, maglalakas-loob din tayo, sa ating pagpapahayag at pagpapatotoo, magiging sukdulan ang papuri natin sa Diyos, bukod-tangi ang pagtatangi natin sa bayang Pilipinas, pinakamarangal ang pagpaparangal natin sa Letran!

Mga Letranista, tanggapin ang Espiritu Santo! (nang tulad kay Hesus sa ebanghelyo). Hinihingahan ko kayo. Nagmumog at nagsepilyo ako. Huminga at ihinga natin Siya! Sumiklab at magliyab tayo sa banal na sidhi. Buuhin ang loob at ibahagi sa labas, huwag ninyong ikukulob, huwag isasara, huwag ipagdadamot, ipahayag nang lakas-boses at lakas-loob:

TAYO ANG LETRAN –
KANLUNGAN NG MGA ABA,
PUNLAAN NG MGA BANAL,
DUYAN NG MAGIGITING,
PAARALANG LAAN SA TOTOONG TURO
AT PAGSASABUHAY NG NATUTUHAN.

TAYO ANG LETRAN –
WALANG TAKOT SA LABANAN,
MATAPANG AT MATUWID SA PAGMAMAHAL SA DIYOS,
LAGING TAPAT KAHIT SA KAMATAYAN,
TAGAPAGTANGGOL NG INAAPI,
MAY MABUBUTING-LOOB.

ITO TAYO. ITO ANG LETRAN. AT SA PAGDULOG NI MARIA, SA TULONG NG ESPIRITU SANTO, SA PANGALAN NI HESUS, ITO AY ANG ATING SAGOT AT SIGAW – ARRIBA! AMEN!